

1

“Ire-report kita sa opisina mo for reckless driving!” galit na sabi ni Amy Gonzaga sa taxi driver na naghatid sa kanya sa *Landmark*. Nagmamadali siyang bumaba sa taxi at saka pabalyang isinara ang pinto niyon. “Muntik na tayong bumangga sa makakasalubong nating truck. Kung hindi ka kaagad na nakaiwas ay maaaring patay na tayong dalawa sa mga oras na ito!”

“Masyado ka namang nerbyosa, Miss,” kalmanteng sagot ng driver. “Matagal na akong nagmamaneho kaya alam ko kung paano dumiskarte sa kalye.”

“Ipinagmamalaki mo pa ba ang pagiging reckless driver mo?” sarkastiko niyang sabi. Kung hindi lamang niya napigilan ang sarili ay inihampas na niya ang handbag sa nakangising driver. Sa tono kasi ng pananalita nito ay parang asset pa rito ang bilis sa pagmamaneho.

“Ang bayad mo, Miss,” paalala ng driver nang makitang tatalikuran na niya ito.

“Dapat ay hindi na kita babayaran sa ginawa mo!” singhal niya ngunit dumukot na rin ng pera sa wallet at iniabot ang bayad dito.

“Salamat, Miss.”

Hindi niya ito pinansin. Nagmamadali siyang pumasok sa shopping mall upang magpalamig ng ulo. Nakaramdam siya ng kaunting relief nang sumalubong sa kanya ang malamig na hangin mula sa air-conditioned na mall.

Wala pang magandang nangyayari sa kanya nang araw na iyon. Hindi siya sinipot ng socialite na naka-schedule niyang ma-interview. Ilang oras din siyang naghintay at nang hindi makatiis ay tumawag sa bahay nito upang malaman lamang na lumipad ito papuntang Australia kung saan nakatira ang napangasawa nitong international tennis player.

Kung minsan ay nakakaramdam na siya ng frustration dahil hindi natutupad ang expectations niya bilang isang baguhang writer. Bagong graduate siya ng Mass Communications sa isang respetadong universidad kaya malaki ang inaasahan niya sa sarili.

Nang makapasok siya sa *Manila Inquirer* ay inakala niyang iyon na ang pagkakataong matupad ang kanyang pangarap na maging de-kalidad na journalist. Ngunit mukhang hindi magiging madali sa kanya ang lahat dahil bilang pinakabaguhang empleyado sa opisina ay binibigyan siya ng editor ng mga pipitsuging assignment na sa palagay niya ay hindi nababagay sa kanyang literary ability.

Nag-graduate siya ng *magna cum laude* sa Mass Communications kaya hindi niya linya ang mag-interview ng mga socialite sa Metro Manila. Ang nais niya ay lumabas sa field kung nasaan ang aksyon at masa, kung saan makakahalubilo niya

ang iba't ibang klaseng tao na may sasabihin at ilalahad.

Ngunit baguhang staff writer lamang siya kaya wala siyang karapatang umangal sa assignment na ibinibigay sa kanya!

Nang makita ng dalaga ang hinahanap na paboritong fastfood restaurant ay nagmamadali siyang pumasok doon. Nagtake-out siya ng spaghetti at cheeseburger. Nagpasya siyang sa opisina na lang kakain dahil baka may disgrasya na namang mangyari sa kanya. Naniniwala kasi siya na kapag sinimulan ng kamalasan ang araw ay matatapos din iyon sa kamalasan.

Pagkakuha ng in-order ay nagmamadali na siyang lumabas ng restaurant kaya hindi niya napansing may lalaking papasok sa pintong kanyang lalabasan. Nagkabanggaan sila nito.

Kasabay ng pagtilapon ng take-out na maingat pa niyang hawak sa dalawang kamay ay ang pagkahilong nadama sa malakas na pagkakabangga sa lalaking kasalubong.

“Miss, are you all right?” nag-aalalang tanong ng isang baritonong boses.

Hindi siya kaagad nakasagot dahil bahagya pa ring madilim ang kanyang paningin; parang nawala siya sa sarili. Naramdaman niya ang pag-alalay ng lalaki upang makatayo siya nang deretso.

“Nasaktan ba kita?” muling tanong nito.

Inihanda niya ang sariling magpasalamat dito. Ngunit parang umikot muli ang kanyang paningin pagkakita sa lalaking

kaharap. Sa kanyang palagay ay ito na ang pinakaguwapong lalaking nakita sa buong buhay niya!

Kahit halatang concerned ito sa kanya ay may nabasa siyang pagkainis sa mga mata nito. At alam niya kung bakit. Sa puting polo shirt nito tumilapon ang dala niyang spaghetti!

Hindi niya napigilan ang paglakad ng kanyang titig mula sa nangingintab nitong leather shoes na may bahid na ng spaghetti sauce papunta sa nakakunot-noong mukha nito. Matangkad, mestizo at matipuno ang pangangatawan ng lalaki at kung hindi siya nagkakamali ay nasa edad na beinte nueve na ito. Sa unang pagkakataon ay nakakita siya ng lalaking hindi mapipintasan dahil ito ang klase na maipagmamalaki ng kahit sinong girlfriend.

Tiningala niya ulit ito at saka nagsalubong ang kanilang mga tingin.

“Ayos ka na ba, Miss?” naiinip na tanong nito.

Napatango siya. “O-okay lang ako,” kinakabahan niyang sagot. Nakita niyang kumalat sa sahig ang kanyang pagkain.

Napatingin din ito sa sahig. “Hindi mo kasi tinitingnan ang direksyon mo,” matigas nitong sabi at saka tiningnan ang mantsa ng spaghetti sauce sa polo shirt. “Sa susunod ay magdala ka ng alalay mo para hindi ka makaperhuwisyo ng iba!”

“Sinisisi mo ba ako?” galit niyang tanong. Handa na sana siyang mag-apologize pero pinagtaasan siya ng boses nito!

“Hindi pa ba obvious, Miss?” sarkastikong sagot nito. “Clumsy kasi,” pabulong pang dagdag nito.

Napamulagat si Amy. Kaagad na napalitan ang maganda niyang assessment sa kaharap. *Guwapo nga, bulok pala ang ugali!* Pinulot niya ang handbag sa sahig at pinigil ang sariling ihampas iyon sa mukha ng kausap.

“Sa susunod ay tumingin ka nang deretso sa dinadaan mo, Miss,” pagsesermon pa ng lalaki.

Hindi na niya napigilan ang galit kaya hinarap niya ito. “Hoy, Mister! Dahan-dahan ka ng pananalita. Ikaw ang bumangga sa akin kaya ikaw ang dapat na mag-sorry,” mariin niyang turan.

“Ako pa ngayon ang mag-a-apologize?” natata-wang tanong nito.

Tumango siya kahit na napapahiya na dahil sila ang naging sentro ng atensyon ng mga tao sa paligid. “Bilisan mong mag-apologize at nagmamadali ako,” mahina niyang sabi.

“Okay, Miss, I’m sorry dahil binangga mo ako. I’m sorry dahil natapunan mo ako ng spaghetti sauce sa—”

“Shut up!” galit niyang sabad nang makitang pinagtatawanan na sila ng mga tao. “Guwapo ka sana pero napakabastos mo!” galit niyang bulong upang hindi marinig ng iba ang kanyang sinabi.

“At ikaw, Miss, masyado kang agresibo. Ikaw na nga ang nasa mali—”

“Mister,” sabad niya, “wala akong oras na maki-paglokohan sa ’yo. May mahalaga pa akong gagawin kaysa makipagtalo sa walang kuwentang lalaking tulad mo!” Pagkasabi niyon ay tumalikod na siya. Siya na nga ang nasaktan sa banggaan pero kung umasta ito ay parang napakalaking kasalanan na ang matapunan niya ito ng spaghetti.

“Lalo na akong walang oras sa tulad mong babaeng kulang sa pansin!” pahabol nito.

How dare him! Gusto niya tuloy itong balikan at hambalusin ng handbag sa mukha ngunit nagpigil siya. Padabog niyang nilisan ang restaurant. Tuluyan na siyang nawalan ng ganang kumain ng pananghalian kaya hindi na siya muling bumili ng lunch.

Pagbungad ni Amy sa opisina ay natigilan si Bing, isang staff writer din, pagkakita sa kanyang hitsura. Alam niya kung ano nakikita ng kaibigan—namumula ang mukha niya sa galit at medyo magulo ang kanyang mahabang buhok na dati ay maayos na naka-ponytail.

“Amy, ano’ng nangyari sa ’yo?” tanong nito. “Nakipag-away ka ba?”

“Kamalasan!” naiinis niyang sagot. “This has been a very unlucky day for me.”

“Bakit naman?” nagtataka nitong tanong.

Akmang lalakad sana siya papunta sa mesa nang mapansin

na may hila-hila siyang mahabang hibla ng bubblegum na nakakapit pa sa suwelas ng sapatos niya.

“Sino ang kumain ng bubblegum sa inyo?” nagtitimpi niyang tanong. Naubos na talaga ang kanyang pasensya.

Walang sumasagot sa tanong niya dahil lahat ng kanyang officemates ay busy sa pagnguya ng bubblegum.

Alas nueve na ng gabi nang makauwi si Amy sa kanilang bahay sa *Congressional Village*. Sobra ang traffic na sinabak niya mula Ayala Avenue hanggang Muñoz. Pagdating sa kanila ay nakita niya ang ama sa labasan ng gate.

“Itay, ano’ng ginagawa n’yo?” tanong niya. Nilapitan niya ito at naamoy ang alak mula rito.

“Anak, ikaw pala. Wala ka bang trabaho?” pormal na tanong ni Mang Primo.

Naiiling niyang binuksan ang gate dahil alam niyang hindi na iyon mabubuksan ng ama sa sobrang kalasingan. “Galing na po ako sa trabaho, Itay, at baka nakakalimutan n’yo na alas nueve na ng gabi. Dapat ay nagpapahinga na ang mga tulad n’yong may edad na.”

“Amy, Anak, kalabaw lang ang tumatanda,” natatawa nitong sagot at saka bumira ng kanta ni Eddie Peregrina.

“Itay, huwag na kayong maingay,” nangungunsumi niyang saway. Luminga siya sa kapaligiran upang malaman kung walang nagagalit na kapitbahay sa kanila. Nakahinga siya nang maluwa nang tumahimik ang kanyang itay sa pagkanta. “Tara na sa loob,” yaya niya at saka ito inakay dahil parang matutumba na ito.

Mahal ni Amy ang ama ngunit kung minsan ay sumasama rin ang loob niya sa ginagawa nitong pagsira sa buhay nito. Fifty-five pa lamang si Mang Primo ngunit kung titingnan ay parang mas matanda ito sa tunay na edad dahil na rin sa pagpapabaya sa sarili.

Ilang taon na bang patay ang Kuya Rene niya? Dalawang taon na ang nakakalipas mula nang mamatay ito sa isang engkuwentro sa Mindanao pero para sa pamilya nila ay kailan lamang iyon dahil hanggang sa kasalukuyan ay malalim pa rin ang sugat na naiwan ng alaala nito, lalung-lalo na kay Mang Primo.

Sinisisi nito ang sarili sa pagkamatay ng Kuya Rene niya. Ito raw ang pumatay sa kanyang kapatid dahil kung hindi nito pinilit si Rene na maging sundalo ay hindi ito maagang pumanaw.

“Itay, wala ka bang trabaho bukas?” tanong niya. Contractor si Mang Primo ng mga ipinagagawang bahay.

“Titigil na muna ako sa pagtatrabaho, Hija,” sagot nito. “Gusto ko namang magpahinga.”

At maglasing upang makalimot, dagdag niya sa sarili. Matagal na niyang gustong pagsabihan ang ama pero hindi siya

magkaroon ng lakas ng loob.

Nakita niyang sumindi ang ilaw sa sala at bumukas ang pintuan. Naaninag niya ang kanyang ina na naghihintay.

“Primo naman,” nangungunsuming sabi ni Aling Linda pagbungad nila sa pintuan. Tinulungan siya nito na alalayan ang asawa papunta sa sofa. Pagkahiga ni Mang Primo ay knockout na kaagad ito. “Ang matandang ito! Kung kailan nagkaedad na ay doon naging perhuwisyo!”

Hilik lamang ang sagot ni Mang Primo samantalang si Amy ay tahimik lamang na nagmamasid sa mga magulang. Pumunta sa kusina si Aling Linda upang kumuha ng tubig na panghihilamos sa asawa.

“Kumain ka na’t matulog ka na, Amy. Ako na ang bahala sa itay mo,” sabi nito pagbalik sa sala.

“Tutulungan na kitang maghatid kay Itay sa kuwarto n’yo,” pagboboluntaryo niya.

Umiling ang matandang babae at saka ngumiti sa bunsong anak. “Pabaya natin ang itay mong matulog sa sofa upang malaman niyang masama ang loob natin sa kanya.”

“Bakit ba kasi nangyayari sa atin ito, Inay?” may hinanakit na tanong niya.

“Pagsubok sa pamilya natin, Amy,” malungkot na sagot ng ina.

Tumitig siya sa kawalan at saka sumagi sa isip ang namatay na kapatid. “Ang bata pa ni Kuya Rene upang bawiin sa atin.”

“Kung iisipin ko lamang mabuti ay parang hindi pa patay si Rene,” malungkot na turan ng ina. “Kung minsan ay nagkukunwari akong nasa Mindanao pa rin siya’t nabubuhay pa.”

“Paborito kasi ng Itay ang Kuya kaya dinamdam niyang mabuti ang nangyari,” dagdag niya. Nilapitan niya ang ina at saka ito inakbayan. “Hindi pa rin ako nawawalan ng pag-asa na isang araw ay magigising sa katotohanan ang Itay—na wala siyang kasalanan,”

Bahagyang natawa si Aling Linda. “Ikaw na lang yata ang nagpapasaya sa bahay na ito at kapag ikaw ang nawala sa amin ay baka tuluyan nang masira ang pamilyang ito.”

“Hindi mangyayari ’yon, Inay,” pangako niya.

“I was very impressed with your past work, Amy,” sabi ni Marlon Garcia, editor ng Sunday magazine ng *Manila Inquirer*.

“S-salamat, Sir,” nahihiyang sagot niya.

Nagtataka siya sa dahilan ng pagtawag ni Mr. Garcia sa kanya sa opisina nito nang dumating siya mula sa pinuntahang kasayahan kung saan guest of honor ang socialite na in-interview niya. Tulad ng inaasahan ay nainip lang siya dahil sa walang kuwentang interview sa isang tao na walang alam kundi ang

magpasarap sa buhay.

Umupo siya sa harapan ng mesa ni Mr. Garcia at saka naghintay ng karagdagang sasabihin nito.

“Nagugustuhan mo na ba ang trabaho natin sa magazine?” tanong nito.

Napilitan siyang ngumiti. “Okay lang, Sir.”

“Mabuti. At dahil napa-impress mo ako sa magagaling mong artikulo, bibigyan kita ng malaking assignment na siguradong magugustuhan mo,” pa-suspense na sabi nito.

“Talaga, Sir?” Pigil-hiningang hinintay niya ang susunod na sasabihin nito. “Ano po ’yon?”

“We’re planning to write a series on the life story of a famous songwriter. This is a four-part article and I want you, Amy, to handle it.”

Nanlaki ang mga mata niya sa kabiglaan. “Pero, Sir, akala ko ba’y si May Fuentes ang hahawak niyan?” Si May Fuentes ang isa sa mga katrabaho niya na humahawak sa ganoong topics.

“I changed my mind. Naniniwala kasi ako na kailangan natin ng bagong writers para sa mga assignment na ganito. Hindi mo ba gusto ang ibinibigay ko sa ’yo?”

Bahagya siyang tumawa kahit na medyo nag-aalangan siyang tanggapin ang assignment. “Actually, I think it’s a good

project.”

“Wala naman palang problema.” Kinuha nito ang isang folder sa drawer at saka iyon ibinigay sa kanya. “Nariyan ang profile ni Armand Calderon, kasama ang picture at articles na isinulat sa kanya noon. Gusto kong maging maganda at intensive ang artikulo mo sa kanya.”

“Armand Calderon?” tanong niya. Hindi niya kilala ang songwriter na sinasabi nito. Come to think of it, wala siyang kakilalang songwriter sa tanang buhay niya dahil wala siyang interes sa paglikha ng mga kanta.

“Yes. Siya ang pinakasikat at in-demand na songwriter sa ating bansa. Remember the songs *Believe In Me* at ang umani ng awards na *Sa Pag-ikot Ng Mundo*? Obra maestra ni Armand Calderon ang mga ’yon.”

Tumango siya dahil pamilyar sa kanya ang mga kantang binanggit ng editor. Paborito ng Kuya Rene niya ang *Sa Pag-ikot Ng Mundo*. “It seems na paborito ninyo siya,” biro niya sa editor.

Natawa ito. “Theme song namin ng misis ko ang *Believe In Me*.”

Bigla siyang nalungkot nang maalala ang kapatid. Kung minsan kapag pinapatugtog sa radyo ang paboritong awitin nito ay bigla niyang papatayin ang stereo dahil baka marinig iyon ng ama at malulungkot na naman ito.

“Amy?” untag ng editor.

“I’m sorry. Ano po ang sinasabi n’yo?”

“I was saying na medyo... mahihirapan ka sa assignment na ito.”

“Bakit, Sir?” nag-aalala niyang tanong.

“Mailap na tao si Armand Calderon lalo na sa media. Hindi magiging madali para sa ’yo ang interview-hin siya.”

“Ano ang ibig n’yong sabihin?”

“You see, mula nang mamatay ang kanyang girlfriend ay hindi na siya naging sociable. Alam mo ba na magre-record sana siya ng sariling kanta pero nang mamatay si Monique Villanueva—ang nobya niya—ay hindi na natuloy ang plano niyang maging singer? Ang huling balita ko sa kanya’y madalang na siyang umuwi sa bahay niya sa Parañaque dahil mas gusto niyang mamalagi sa Pampanga kung saan ay may malaking bahay siya,” pagkukuwento ni Mr. Garcia.

“In short, naging recluse si Armand Calderon, galit siya sa media at ayaw magpa-interview?”

Tumango ito. “Ganoon na nga.”

“Eh, bakit hindi na lang tayo maghanap ng ibang songwriter na mas madaling kausapin? Magpapakahirap pa ba tayo rito?”

Bumuntunghininga ito. “We have to, Amy. Sino pa ba

ang dapat natin kapanayamin kundi ang pinaka-magaling na songwriter.”

“Pero—”

“Amy, number one newspaper tayo sa bansa at siyempre sabit na ang Sunday magazine natin doon. Mayroon tayong standard na sinusunod. Patunayan mo sa akin na deserving kang maging isa sa amin.”

Nakuha siya ni Mr. Garcia sa linyang iyon. Bigla ay naintindihan na niya kung bakit sa kanya nito ibinigay ang assignment na iyon. Ayaw iyon ni May Fuentes dahil mahirap gawin! Sa panibagong challenge na iyon ay parang nabuhay ang dugo niya. Kailanman ay hindi siya umaatras sa isang pagsubok.

“Okay, I’ll do it,” sagot niya pagkatapos ng matagal na pananahimik.

“Good.” Ngumiti na ang editor. “I’ll give you all the time at expenses para magawa mo ang assignment na ito. I want you to work full-time on this project. Wala kang aasikasuhin na ibang trabaho maliban rito.”

“Pero hindi pa ako tapos sa socialite na dancing queen raw—”

“Never mind. Hindi naman ’yan nagmamadali. Unahin mo si Armand Calderon.”

Nagkibit-balikat si Amy at saka niya binuksan ang folder na

ibinigay sa kanya ng editor. Muntik na niyang mabitawan ang litrato ni Armand Calderon. Ang sikat na songwriter ay walang iba kundi ang lalaking nakabangga at nakaaway niya noon sa fastfood restaurant!

“Guwapo, ano?” tanong ni Mr. Garcia sa kanyang kabiglaan.

Tumango siya sa kabila ng panghihina ng loob. Ngayon ay malabo nang pumayag ang lalaki na magpa-interview sa kanya dahil bukod sa taga-media siya ay nagkasagutan pa sila noon.

“Now, let’s discuss kung ano ang gusto kong maging laman ng artikulo mo. Aside from being a good and successful songwriter ay gusto kong isulat mo ang buhay niya bago siya naging successful; kung ano ang mga kalungkutan niya at kaligayahan. I want you to write something about him na hindi pa nalalaman ng publiko, ’yung human side niya. Ano ba ang mga pangarap niya at frustrations? That kind of stuff.”

Lalong nadismaya si Amy. Mukhang malabo na ang ambisyon niyang maging sikat na manunulat!